# 1

Isang nagpipiyestang lamok ang gumising kay Kisses mula sa malalim na tulog. Busog ang peste bago namatay.

Tuluyan nang nawala ang antok niya. Sa lahat pa naman ng ayaw niya ay ang makagat ng lamok. Hindi niya gustong mamantsahan ang kutis niya na namana sa namayapa niyang ina. Ang dalawa niyang kapatid ay parehong moreno na nagmana naman sa tatay niyang patay na rin.

Napatingin siya sa maliit na alarm clock na malapit sa kama. Halos mapatalon siya nang malaman kung anong oras na. It was six-thirty in the evening!

Mabilis na tumayo mula sa higaan ang dalaga. May pagmamadaling hinalungkat niya ang kahoy na cabinet at kumuha roon ng maisusuot. Mayroon pa siyang treinta minutos. Kapag hindi siya inabot ng malas sa daan, makakarating siya sa coffee shop ng alas siete impunto.

Hindi na siya magkandatuto sa pagbibihis. Marahas na isinuksok niya sa kanyang carry-all bag

ang mga abubot pati na rin ang kanyang uniporme, kesehodang magkandalukot iyon. Magsusuot din naman siya ng apron pagdating sa coffee shop.

Sukbit ang bag sa balikat habang tinatali ang makapal na lampas-balikat na buhok, lumabas siya ng silid at naabutan ang dalawang kapatid na gumagawa ng assignment sa ibabaw ng kahoy na mesa habang nakasalampak sa sahig. Si Kien, doce años at si Kokoy na sampung taon na.

*Huwag kayong mag-alala, mga kapatid ko. Malapit na akong makabili ng T.V.*, sa isip-isip niya.

Agad na binitiwan ng dalawa ang ginagawa at sabay na tumayo pagkakita sa kanya.

"Aalis ka na, 'Te?" tanong ni Kien.

"Oo," sagot niya habang dumudukot ng wallet sa bag. Nang sa wakas ay makuha iyon, dumukot siya ng dalawang fifty-peso bills at ibinigay iyon sa kapatid. "Kien, ikaw na ang bahala sa bahay! Isara n'yo ang pinto nang maigi."

"Oo, Ate."

Mabibilis ang hakbang na tumalikod siya.

"Ingat, Ate!" narinig niya pang sigaw ng mga kapatid. Habang naglalakad ay panay ang usal niya

ng panalangin. *Lord, please, huwag N'yo po akong hayaang ma-late! Para N'yo na pong awa! Utang na loob!*

Nang makarating sa kanto ay agad siyang naghanap ng taxi. Normally, hindi siya nagta-taxi kapag papasok sa trabaho. Ngayon niya lamang gagawin iyon dahil tiyak na male-late siya kapag nag-jeep lang siya.

Habang hindi mapakali sa paghihintay sa pagdaan ng taxi ay lihim na pinasalamatan niya ang kawawang lamok na lumapastangan sa balat niya kanina. Kung hindi pa pala siya nakagat, malamang nakahilata pa rin siya ngayon. Sobra naman kasi ang antok niya. Rumaket pa kasi siya kanina paglabas niya ng coffee shop. Nag-tutor siya nang anim na oras. Nine hundred din iyon. Kung regular lang sana ang raket niyang iyon, kayang-kaya niyang bitiwan ang trabaho niya sa coffee shop.

Wala siyang ideya kung ilang minuto na lang ang nalalabi bago siya ma-late. Ang wristwatch niya ay nasa loob ng bag at wala na siyang oras para kalkalin pa iyon upang alamin lamang kung anong oras na.

Isang taon mahigit na si Kisses sa coffee shop at maipagmamalaki niyang ni minsan ay hindi pa

siya nahuli sa pagpasok. Sobrang istrikta kasi ng manager nilang si Ma'am Viki. Ma-late ka lang nang isang minuto ay tanggal ka na agad sa trabaho. Siya nga ang pinakamatagal doon, iyan ay kung hindi siya mamalasin ngayong gabi. Aminado siyang minsan hindi makatuwiran ang pagpapatanggal sa mga kasamahan niya, pero wala siyang magawa. Iyon ang patakaran. Isa pa, maganda rin kasi ang suweldo kaya mahal ni Kisses ang trabaho niya.

She had decided to stop schooling this semester for practical reasons. Noong nakaraang dalawang semestre, bugbog ang katawan niya sa trabaho, raket at eskuwela bagaman underload siya. Mabuti na lang mura ang tuition sa state university na pinapasukan niya. Gayunpaman, malaki pa rin ang gastusin niya dahil bukod sa araw-araw niyang gastusin sa eskuwela at personal na pangangailangan, nandiyan din ang gastusin sa pagkain, renta ng bahay, kuryente at pag-aaral ng mga kapatid niya. Pakiramdam tuloy niya, pasan niya ang buong daigdig.

Her life would have been easier if her parents were still alive. Almost two years ago, sinawimpalad na nasalanta ang probinsya nila ng bagyong Taning. That typhoon was dubbed as the calamity of the decade. Walang pinatawad ang bagyong iyon. Tila demonyong galit na galit sa lalawigan ng San Jose at

sinalanta ang walong bayan nito. Ayon sa kuwento ng mga kapatid niya, sa kasagsagan ng bagyo ay agad inilikas ang mga ito ng ama sa ligtas na lugar na hindi aabutin ng baha. Ngunit sa pagkataranta ay hindi nito namalayan na hindi pala kasama ang kanilang ina kaya naman iniwan nito ang dalawang kapatid niya upang hanapin ang asawa. Ngunit hindi na nakabalik ang mga magulang nila. Kapwa sinawimpalad ang mga ito, kasama ng iba pa, ng mala-demonyong bagyo.

She had to drop all her subjects that time eventhough it was already nearing the end of the semester. Matapos ang pagluluksa ay matapang na tinanggap ni Kisses ang kapalaran. Dinala niya ang mga kapatid sa Maynila. Naghanap siya ng mura ngunit maayos at ligtas na matitirhan. Ipinagpapasalamat niya dahil kahit paano ay hindi siya sumusuko kahit hirap na hirap siya. Ang mahalaga ay mapangalagaan niya ang mga kapatid sa abot ng kanyang makakaya.

Her face brightened when she spotted a cab. Agad siyang gumitna sa kalsada at kumaway bagaman may kalayuan pa naman ang naturang taxi. Hindi niya napansin ang matubig na lubak malapit sa kinatatayuan niya. Hustong papalapit ang taxi nang biglang…

She heard a splashing sound.

Hindi makapaniwalang napalunok si Kisses, tila naparalisa sa kinatatayuan. Kahit nang huminto ang taxi sa harap niya, hindi pa rin siya nakakilos. She just clenched her fists tightly.

"Sasakay ka ba, Miss?" untag ng driver na nakasungaw ang ulo sa bintana.

Hindi siya kumibo. Ramdam na ramdam niya ang pag-iinit ng mukha sa kabila ng tubig doon. She had just been showered with sticky, dirty liquid! Amoy na amoy niya ang sarili niya. She was stinking. She gritted her teeth.

May halong simpatya na sinuyod siya ng tingin ng driver. "Mabuti pa siguro magpalit ka na lang muna, Miss," anito bago muling ipinasok ang ulo sa loob at pinasibad ang taxi.

Naitaas niya dalawang kamao habang mahigpit pa rin ang pagkakakuyom niyon. She growled.

"Miss, are you okay?"

Pakiramdam niya ay nagtigasan ang lahat ng kalamnan niya. Taas-noo at tila robot na bumaling siya sa walang modong may dulot ng kamalasan niya.

Bahagyang lumambot ang mga masel niya nang masilayan ang mukha nito. Napakurap pa siya. *Ang guwapo mo naman!* tila nangangarap na sabi niya sa sarili. Nakalimutan na niya kung ano ang hitsura niya.

Bahagya ring natigilan ang lalaki nang masilayan siya ngunit awtomatikong gumalaw ang ilong nito na tila nakaamoy nang hindi kanais-nais.

Para siyang nalaglag sa pagkakalutang sa alapaap. Nanumbalik ang pang-amoy niya na saglit nawala. Amoy na amoy niya ang kabahuan niya. Kapag minamalas ka nga naman. There she was in front of a hunk—wet and reeking—while the hunk whiffed with a camouflaged disgust. What a very cute scene to behold!

Mukha siyang true blue damsel in distress hanggang sa umasik ang knight-in-shining-armor niya, "What are you doing in the middle of the street?" May bahid ng iritasyon ang boses nito.

Noon muling umusok ang tainga, ilong at lahat ng butas ng mukha ni Kisses. The brute! Ito pa ang may ganang mang-uyam, siya na nga itong basang sisiw.

"Tanga ka ba o bulag? Hindi mo ba nakitang nag-

aabang ako ng taxi?" singhal niya. Nasulyapan niya ang kotseng nakaparada malapit sa kinatatayuan nila. Noon lang biglang nag-sink in sa utak niya na ito ang hudas na sumira ng gabi niya.

Hindi naman tinablan ang lalaki ng panggagalaiti niya. "Look who's dumb or blind! Lady, in case you're unaware, there…" Itinuro nito ang sidewalk. "Doon ang abangan ng sasakyan. If you weren't in the middle of the street, hindi mangyayari 'yan sa 'yo."

She was astonished. Namumuro na ang lalaking ito, ah. Bumuwelta siya. "Hoy, mister! Ikaw pa ang matapang ngayon, ikaw na nga itong nakaperhuwisyo? Imbis na mag-sorry ka, sinisisi mo pa 'ko?" nagpupuyos na tungayaw niya.

Napatingala ito, as if asking help from heaven. Pagkatapos ay muli siyang tiningnan. "Look, that's not—"

"Sorry ha!" ubos ang pisi at naiinis sa sariling amoy na putol ni Kisses sa sasabihin nito. "Sorry kasi naabala kita! I was unaware na doon pala 'yung abangan ng sasakyan." Itinuro niya rin ang lugar na iyon gaya ng ginawi nito kanina. "Pasensya ka na, mister, kung nabasa mo 'ko ha, kung amoy-imburnal ako. Wala kasi akong kotseng katulad mo kaya desperada akong makahanap ng taxi para hindi ako

ma-late sa trabaho. Pero sa nangyari, malamang matanggal na 'ko. Sorry talaga, ha!" puno ng pang-uuyam na litanya niya.

The guy was speechless. Tila may gusto itong sabihin, pero walang salitang namutawi sa mga labi nito.

Mabilis na binirahan ni Kisses ng talikod. Sa bilis ng pintig ng puso niya sa magkahalong galit, kaba at awa sa sarili, hindi niya na kayang magdahan-dahan. Napakagaan ng mga paa niya.

HALOS MAPAIYAK si Kisses nang mabasa ang text message sa kanyang cellphone. The sender was Ma'am Viki, telling her to get her last salary next week.

Ganoon lang kasimple. Iyon na iyon. Ang trabahong bumuhay sa kanila sa loob ng mahigit isang taon ay wala na sa kanya. Kung hindi siya minalas, nakauniporme na sana siya ngayon at nagsisilbi ng kape. Nasapo niya ng dalawang kamay ang mukha.

Hindi na niya napigilan ang mapaiyak. Mahal niya ang trabahong iyon. Kahit mas malaki ang kita niya sa pagtu-tutor, hindi permanente iyon. At

least sa coffee shop, garantisadong susuweldo siya linggu-linggo.

Hindi niya alam kung kanino higit magagalit. Si Ma'am Viki ay talaga namang walang konsiderasyon sa katawan. Sigurado siyang hindi na magbabago ang desisyon nito. Ilang kapwa barista niya na ba ang nagmakaawa rito noon ngunit umuwi lang na luhaan?

Sa naging kapalaran niya ngayong gabi, sa isang tao niya lang puwedeng ibunton ang galit niya. Ang lalaking sanhi kung bakit hindi siya umabot sa oras ng shift niya, kung bakit jobless na siya ngayon.

Malungkot na pinunasan niya ng tuwalya ang basang mata. Tumayo siya at tumungo na sa silid. Nang masiguro na may nakasinding katol ay tumabi na siya sa mga kapatid. Kailangan niyang makahanap ng trabaho sa lalong madaling panahon. Natulog siya nang walang laman ang sikmura.

# 2

Miguel did not know whether to be irked or excited upon knowing that his grandfather was arriving today. Sa Tokyo ito nakabase kasama ang kanyang Tita Matilda. Purong Hapon ang lolo niya, pero daig pa siya nito sa tatas na mag-Tagalog.

Ayon sa kuwento, exchange student ang lolo niya rito sa Pilipinas nang makilala ang lola niya na naging kaklase nito sa isang subject. Na-love at first sight raw ito sa abuela niya at hindi naging hadlang ang magkaibang kultura sa pag-iibigan ng mga ito. Biniyayaan ang mga ito ng dalawang supling: ang kanyang Tita Matilda at ang daddy niya. Namatay ang lola niya noong kaga-graduate niya pa lang ng college. Mula noon ay sa Japan na tumira ang lolo niya. Gayunpaman, taun-taon kung bumisita ito sa Pilipinas. At sa tuwing umuuwi ito, hindi maaaring hindi siya mapeste rito.

Oh well, he adored his grandfather. Isang bagay lang ang ayaw niya rito: Lagi siya nitong kinukulit na mag-asawa na. Mabuti sana kung iyon lang. Ang kaso hindi; inirereto pa siya nito kung kani-kanino. May pangyayari pa nga na nag-break sila ng dati

niyang girlfriend sa sobrang selos nito sa babaeng nireto ng lolo niya. Pero kahit ganoon, mahal na mahal niya ito. Besides, he owed his grandfather his good looks, which women so loved.

Kararating lang ni Miguel ng opisina nang tumunog ang cellphone niya.

"Hello, Ma?" bati niya kaagad.

"Anak, puwede bang pumunta ka sa restaurant ng lolo mo? Doon sila dederecho ng papa mo galing airport. Gusto ng lolo mo na nandoon ka."

Ang tinutukoy nito ay ang Japanese restaurant ng abuelo. Noong nakaraang taon ay inutusan nito ang papa niya na asikasuhin ang pagtatayo niyon. Ang gusto nito, pag-uwi nito ngayong taon ay mabuksan na ang naturang restaurant. Hindi niya maintindihan kung bakit pa nito kailangang magtayo niyon gayong sa Tokyo na naman ito nakatira. But who could question Soshi Takeuchi? Walang panama si Ferdinand Marcos sa pagkadiktador ng lolo niya.

"Why there? I thought they were going home?"

"Ang gusto ng lolo mo doon sila kaagad pumunta. Kabilin-bilinan na kailangang nandoon ang paborito niyang apo."

He smiled. "Okay, I'll be there."

"MISS, bumalik ka na lang bukas. Hindi kasi kami mag-i-interview ng aplikante ngayon dahil darating 'yung Hapon na may-ari," anang napagtanungan ni Kisses na nakilala niya bilang Miss Lynne.

"Ganoon po ba? Puwede ko po bang iwan na lang ang resumé ko?"

Dumako ang paningin nito sa hawak niyang folder. "Sige." Iniabot niya iyon dito. Agad na binuksan nito iyon at pinasadahan. "Sa *Soul Café* ka pala dati."

"Opo."

Sa kauna-unahang pagkakataon ay ngumiti si Miss Lynne. "Sige, bumalik ka na lang bukas. Actually, isang cashier na lang talaga ang kailangan namin. Lahat ng empleyado ay nakuha na namin sa agency. Ipa-prioritize na kita dahil may experience ka na. Kapag pumasa ka sa interview bukas, ikaw na ang bagong cashier. Huwag kang mag-alala, mataas ang suweldo rito."

Namilog ang mga mata ni Kisses. "Talaga po? Naku, thank you po. Kailangan ko po talaga ng

trabaho ngayon. Salamat po nang marami." Kulang na lang ay yakapin niya ito sa tuwa.

Natawa ang babae. "Bukas ka na magpasalamat kapag natanggap ka na. Pero malaki naman ang chance mo." Muli nitong binasa ang resumé niya. "Ang ganda naman ng pangalan mo. Paano, Kisses, pumunta ka na lang nang maaga rito bukas. Tatanggalin ko na ang wanted ad sa labas."

"Sige po. Maraming salamat po talaga."

Nang makalabas siya sa restaurant na iyon, pakiramdam niya ay daig niya pa ang tumama sa lotto. Nang lumingon siya, nakita niya si Miss Lynne na tinatanggal ang nakapaskil na poster sa may pinto.

Sa sobrang kasiyahan ay dinala siya ng mga paa sa appliance center sa malapit. Doon niya balak bumili ng surplus T.V. noong may trabaho pa siya. Pero ngayong siyamnapu't siyam na porsyentong magkakatrabaho na siya, magse-celebrate na siya nang maaga. Binili niya ang television set na pinakaaasam-asam ng mga kapatid. May natira pa rin naman sa kanya na panggastos. Instinct told her that she would get the job tomorrow.

Dahil tila nakalutang sa alapaap ang pakiramdam

niya, hindi niya napansin ang dumadaang sasakyan. Naglalakad lang siya noon patungo sa sakayan ng jeep nang makarinig siya ng nakabibinging busina.

Hindi niya alam kung saan higit na masa-shock: sa katunayang nasa gitna siya ng kalsada at may isang kotse sa harap niya na kulang na lang ay sagasaan siya o sa pagkakita sa pinapangarap niyang telebisyon para sa mga kapatid na wasak sa paanan niya. Nabitawan niya iyon sa sobrang kabiglaan.

Hindi niya napigilang mapatili. Kulang na lang ay lumupasay siya sa kalsada.

Lumabas ang sakay ng kotse. "Miss…"

Natigil si Kisses sa pagtili. There was something in his voice. Dahan-dahan siyang nag-angat ng mukha mula sa pagkakayuko. Ganoon na lang ang pagkamangha niya nang mamukhaan ito. "Ikaw na naman?" nanlalaki ang mga matang asik niya rito.

It seemed that he recognized her, too. Napabuntong-hininga ito. "Look, I'm sorry, but I'm in a hurry," tila pagod na anito.

Namaywang siya. "Alam mo, ikaw ang malas sa buhay ko! Nakakadalawa ka na, mister. May balat ka ba sa puwet?"

Hindi siya nito pinansin. Bagkus ay sinipat nito ang T.V. set niya. Tumaas ang sulok ng mga labi nito. Hindi niya inaasahan ang sumunod na ginawa nito. Sinipa nito nang buong lakas ang pobreng telebisyon na nagpagulong-gulong naman hanggang makarating sa gilid ng kalsada.

Horrified, she covered her mouth with her palm. Ang bagong bili niyang T.V. ay wala nang silbi! Para siyang nagtapon ng pera.

Bago pa siya makapaghurumentado, dumukot ang lalaki sa bulsa nito. He took his wallet and handed her a bunch of one thousand-peso bills. "Take this. Buy a new one. Iyong hindi madaling masira."

Awtomatikong naikuyom ni Kisses ang dalawang palad. Bakit ba pakiramdam niya, palagi siyang inuuyam ng lalaking ito?

Nang hindi siya kumilos, kinuha nito ang kamay niya at isinuksok sa palad niya ang pera. Naputulan na yata siya ng dila.

Muling dumukot sa wallet ang lalaki. "I'm really in a hurry. Here's my card." Kinuha nito ang isa niya pang kamay at isinuksok ang isang tarheta. "In case the money's not enough or you need something, just call me. I have to go."

Maang na napatingin siya rito. Nakatingin rin ito sa kanya habang papasok sa kotse. Somehow she caught a hint of sincerity in his eyes.

"I'm sorry." Mahina ang pagkakasabi nito, pero dinig niya iyon.

Hindi siya tuminag sa kinatatayuan kaya gumilid na lamang ang kotse nito. Habol niya pa ng tanaw ang papalayo nitong sasakyan.

Nang wala na ito ay saka niya tiningnan ang dalawang palad. May sampung libo siya! One thousand two hundred lang ang bili niya sa TV. Tumubo pa siya! Bigla, nakalimutan niya ang galit sa lalaking naging sanhi ng pagkakatanggal niya sa trabaho. Malapad ang ngiting tinahak niya ang landas pabalik sa appliance center.

KISSES MACARAIG. Iyon ang pangalan na nakasulat sa resumé na binigay sa kanya ni Miss Lynne, ang manager ng restaurant ng lolo niya na bubuksan na sa isang araw.

Miguel studied the picture stapled on the paper. Hindi siya maaaring magkamali. Iyon ang babaeng muntikan niya nang mabunggo kahapon na may dala-dalang pipitsuging telebisyon. Kung hindi ba

naman sa sobrang magugulatin nito, nabitawan nito ang TV sa gitna ng kalsada. At balak pa siyang awayin.

Nahimas niya ang baba habang nakatunghay pa rin sa larawan nito. He was the same woman he had an argument with a few nights ago. Hindi niya napansin na may lubak pala sa kalsadang iyon sa sobrang pagmamadali. Magso-sorry sana siya kaya siya bumaba ng kotse, pero hindi niya na nagawa dahil tinarayan na siya nito.

*What a coindidence*, he thought, still staring at her picture. Ayon sa resumé nito, magtu-twenty-one na ito. But judging on her photograph, she looked seventeen.

For some reason, he could not take his eyes off her photograph. Her innocent smile was so genuine. But having met her for the second time, he knew that behind that immaculate look was a person who could turn into a tigress anytime.

Hindi siya ang dapat na mag-i-interview sa aplikanteng ito kung hindi sa utos ng lolo niya. Wala itong pakialam kahit may trabaho siya sa opisina. Katuwiran nito, siya ang presidente roon. Nang malaman ng lolo niya kahapon pagdating nito na kulang pa sila ng isang cashier, kaagad siyang

binalingan ng matanda at inutusang interview-hin ang kung sinumang aplikante. Kung tutuusin, kay Miss Lynne ang trabahong iyon. Nang iabot nito kanina ang folder na naglalaman ng resumé ni Kisses Macaraig, kulang na lang ay sabihin nito na huwag niya nang interview-hin ang babae at tanggapin niya na lang basta.

A smile appeared on his handsome face. Hindi lang ang pagiging cashier ang puwedeng maging trabaho nito para sa kanya. Nakaisip siya ng plano.

# 3

"Kisses, kanina ka pa hinihintay ni Sir Miguel," bungad sa kanya ng nakangiting si Miss Lynne.

May kung anong pumitik sa puso niya pagkabigkas nito ng pangalang iyon. Miguel. Kapangalan nito ang guwapong lalaking nagbigay sa kanya ng sampung libo kahapon. In fact, natatandaan niya ang buong pangalan nito: Miguel Takeuchi. Ilang oras niya yatang tinitigan ang calling card na binigay nito sa kanya kahapon, pero ang pangalan lang nito ang pumasok sa utak niya.

*Wake up, Kisses! May job interview ka ngayon*, sigaw ng kukote niya. Tila natauhan siya. "Uhm, s-saan po ba—sino po—"

Lumapad ang ngiti ni Miss Lynne. "Huwag kang kabahan. For formality na lang naman ang interview na iyon. Nairekomenda na kita kay Sir Miguel. Siguradong matatanggap ka na pagkatapos ng interview."

Napangiti rin siya. "Maraming salamat po talaga, Miss Lynne. Asahan n'yo po na gagawin ko ang trabaho ko nang maayos."

"Aasahan ko iyan, Kisses. Sige na, pumunta ka na doon sa opisina." Iginiya siya nito sa isang nakapinid na pinto. Muling ngumiti ang babae bago siya iwan.

Marahan siyang kumatok sa pinto.

"Come in," anang tinig sa loob.

Nahigit niya ang hininga nang makapasok sa loob ng silid. She could smell a man's perfume.

Nakatalikod sa kanya ang lalaki at hawak nito ang resume niya, tila pinag-aaralan.

Nakaramdam siya ng panunuyo ng lalamunan. Bilang babae, hindi niya maitatangging nae-excite siyang makita ang future boss. Likod pa lang kasi nito, ulam na. His perfume alone was titillating. Ngunit wala yatang balak ang amo na harapin siya. When her fascination turned into boredom, tumikhim siya.

"Uhm, good morning, Sir. I'm Kisses Macaraig," aniya sa pinasiglang tono. Inihanda niya ang kanyang signature smile nang makitang gumalaw ito. But her smile gradually faded when she recognized the man in front of her. "Ikaw!"

"YES, ME. Have a seat, Miss Macaraig." Iminuwestra ni Miguel ang silya sa harap ng mesa. But the woman did not move. She was still in shock.

*Just as I expected.* "Are you going to sit down or do you want me to carry you to the chair?" magiliw niyang tanong. He was a bit disappointed to see her smile fade. It was the same smile she saw on her resumé photo—the immaculate smile.

Noon lang tila nakabawi sa kabiglaan ang dalaga. She breathed deeply before taking her seat. Tuluyan nang nawala ang ngiti nito at napalitan ng magkahalong ekspresyon ng kaba at iritasyon.

Saglit niyang tinitigan ang maamong mukha nito. Matangos ang ilong nito, malantik ang mga pilikmata, at ang bibig—he wondered how those lips tasted. Was she a good kisser the way her name suggested?

Nakaramdam si Miguel ng excitement nang unti-unting mamula ang mala-sutlang pisngi nito. Damn, she was prettier when she blushed! Was she aware of how she look?

Pasimpleng ipinilig niya ang ulo. He was about to offer her a professional deal. Hindi dapat ganito ang reaksyon niya rito.

"Okay, let's start now," aniya matapos tumikhim. "Why were you carrying a cheap television yesterday?" kaswal na tanong niya rito.

Sukat doon ay biglang nag-iba ang ekspresyon ng mukha nito. Biglang tumapang. *Uh-oh! Did I say something wrong?*

"Sir, with all due respect, I don't see the relation of the question to the job I'm applying for," matapang ngunit magalang nitong sagot. But her eyes were telling him that her toughness was just a façade.

Pinalambot niya ang ekspresyon ng mukha. Hindi niya puwedeng galitin ang babaeng ito. May kailangan siya rito.

"Okay, I'm sorry. I just want to foster a friendly atmosphere. Actually, we don't need to do the interview anymore. You're hired."

Unti-unting nagliwanag ang mukha ng kaharap. Huling-huli niya ang pagsupil nito ng ngiti na nais kumawala sa manipis nitong mga labi. "T-talaga, Sir?" Tila hindi ito makapaniwala bagaman nagdiriwang na ang mga mata nito.

He could not help but smile, too. Her face was indeed refreshing. "You heard me right. You're hired."

Saglit na natigilan ito. Mayamaya ay kumawala ang ipinagdadamot nitong ngiti kanina. Tila maiiyak pa ito. Siya naman ay naparalisa. Why, the woman looked like an angel!

"Thank you po, Mr. Miguel Takeuchi! You're a blessing to me. Sorry sa mga nasabi ko dati. Saka thank you sa perang binigay n'yo kahapon. Isosoli ko po 'yung sukli sa binili kong TV," hindi magkandatutong sabi nito.

He was still speechless. This woman had the capacity to make the world stop. Nakahuma lang siya nang ilapag nito ang pera sa mesa niya.

Iiling-iling na inusog niya iyon pabalik dito. "No, no. That's yours. Kulang pa iyan sa perwisyong ibinigay ko sa iyo."

Umiling ito. "Hindi ko po matatanggap iyan, Sir. Kung hindi kayo ang amo ko, hindi ko na talaga isosoli iyan. Pero dahil tinanggap n'yo ako, hindi ko na ho kailangan iyan."

*This woman is really something*, he thought. Wala na ring saysay na ipilit pa ang pera. Sigurado siyang hindi nito tatanggapin iyon. Dinampot niya ang mga bills at pahagis na inilagay sa drawer.

"In that case, I'll just add this to your first salary.

Hindi ko ugaling bawiin ang binigay ko na, Kisses. I hope you understand. Just think of it as a bonus." Nang hindi ito kumibo ay nagpatuloy siya, "I'll go straight to the point. The cashiering job is just half of the employment package I'm offering you."

Natigilan ito; nagtatanong ang mga mata. "What do you mean?"

"The other half is… you're going to pretend as my girlfriend."

"What!"

HINDI NAGKAMALI ng dinig si Kisses. Malinaw ang pagkakasabi ni Miguel Takeuchi sa mga katagang iyon. Pero daig niya pa ang nabingi. Parang gusto niyang mapatalon sa kabiglaan. Nanatiling kalmado naman ang kanyang bagong boss.

"I know you'll be shocked. But listen to me first."

Wala siyang nagawa kundi pakinggan ang sasabihin nito. Ipinaliwanag nito sa kanya ang tungkol sa lolo nitong Hapon na mahilig magreto rito sa kung kani-kanino. Ang matanda rin pala ang may-ari ng restaurant at siyang amo niya.

"I know it sounded funny, but my grandfather is

really like that. Actually, he gave me a month to date this woman I haven't met yet. But I told him that I already have a girlfriend."

Hindi pa rin siya nakapag-react. Naestatwa na yata si Kisses. Nabigla talaga siya sa mga nangyayari.

"Are you listening?" Ikinampay ng lalaki ang kamay sa harap ng mukha niya.

Noon naman siya tila nagising. "Ha? Eh, bakit hindi mo na lang isama ang girlfriend mo?"

Nabakas niya ang suya sa mukha ng guwapong binata. "You're not listening to me, are you?"

"Ha? N-no. I mean, yes," she stammered. Ano ba itong nangyayari sa kanya? Bakit naman siya binibigla ng pagkakataon? Hindi pa nga siya nakakabawi sa kaalamang amo niya ang guwapong lalaking ito na minsan niya nang isinumpa, pagkatapos ngayon, inaalok pa siya nitong maging pekeng girlfriend? Kahit naman siguro sino masa-shock.

"Ahm… Sir, what if… hindi ko tanggapin ang second offer n'yo?" untag niya.

Napatitig sa kanya si Miguel Takeuchi. Sa totoo lang, kanina pa siya nagpipigil ng emosyon niya. Kung hindi niya gagawin iyon, manlalambot na

talaga ang mga tuhod niya. Napakalakas ng hatak ng tsinitong mga mata nito. Para siyang hinihigop ng mga iyon.

"No, you won't do that because you need the job," mayamaya ay saad nito. There was confidence in his voice.

"I need the cashiering job, but not the fake girlfriend job," matatag niyang sabi, albeit already having second thoughts. The fake girlfriend job, to be honest, sounded exciting to her.

Bumuntong-hininga ito. He leaned back on his chair and gestured as if he were helpless. "Look, I don't intend to bribe you but I desperately need your help. I'm going to triple your salary for the… fake girlfriend job. That's apart from your salary here as a cashier."

Mabilis na umiral ang pagiging madre de familia niya. Triple? Ibig sabihin four times ng regular na suweldo ang matatanggap niya buwan-buwan? Pagkatapos ang gagawin niya lang naman ay magpapanggap na girlfriend nito?

*Not bad, huh!*

She studied the guy for a minute. Pareho silang fair-skinned, bagaman mas maputi ito sa kanya.

Japanese talaga ang kulay nito. His lashes were thick, so were his eyebrows. His nose was pointed. And his lips formed a heart-shape when sealed. Si Mamuro kaagad ang naisip niya—ang crush niyang anime character sa *Sailor Moon* noong elementary siya. *Kung ito siguro ang magiging boyfriend ko, ang suwerte-suwerte ko!*

Mabilis siyang nakapagdesisyon. Bagaman hindi pa rin makapaniwala, alam niyang katangahan kung tatanggihan niya ang alok nito. Hindi siya ambisyosa para pangarapin ang katulad nito, habol niya lang talaga ang ibabayad nito. At kung hindi naman kalabisan, gusto niya ring maka-experience ng adventure, mabago man lang kahit kaunti ang boring niyang mundo. Mukha kasing interesting ang buhay nito.

Pero bago niya sabihin ang desisyon, may isang bagay lang siyang gustong malaman. "Bakit naman ako ang naisipan mong alukin magpanggap na pekeng girlfriend mo?" basag ni Kisses sa sandaling katahimikan nila.

Mula sa pagkaka-slouch ay tumuwid ito ng upo. "Because you are just perfect. I mean, you came at the right place at the right time. Besides, you told me that you got fired because of me. Well, I'm giving

you a petty job to increase your earnings. Ayaw mo ba talaga?” seryosong anito.

Nang hindi siya tumugon ay muling nagsalita ito, “I think I know what’s on your mind,” napapalatak na sabi ng binata. “If it’s your boyfriend that you’re worried about, then forget it. We don’t need to be together every second, every minute of the day. Sa harap lang tayo ni Lolo magpapanggap. Also, keep in mind that I won’t take advantage of you, if you happen to be worrying about that as well,” tila walang anumang dugtong nito.

Natigagal si Kisses. Ni hindi niya nga naisip ang huling bagay na iyon. Kahit mukha itong habulin ng chicks, parang hindi ito iyong tipo ng lalaking magte-take advantage sa babae. At lalong hindi niya pinoproblema ang boyfriend niya dahil wala naman siyang boyfriend. Matagal na silang break ni Josh, ang best friend niya noong high school na naging boyfriend niya rin.

Malalim na napabuntong-hininga ang dalaga. Mukhang wala nga yatang balak ang lalaking ito na kumbinsihin man lang siya. Ayaw niyang manghinayang sa bandang huli kaya…

“Kailan naman ako mag-uumpisa bilang… pekeng girlfriend mo?”

# 4

Habang naglalakad sa eskinita patungo sa bahay nila ay matiim na nag-iisip si Kisses. Matapos nilang magkasundo ni Miguel ay inalok siya nitong ihatid pauwi. Tumanggi siya at hindi naman siya nito pinilit. Mukhang hindi yata marunong mamilit ang lalaking iyon. Mabuti na lang pala at tinanggap niya agad ang alok nito na magpanggap na pekeng nobya. Siguro manghihinayang talaga siya kung hindi. Hindi yata biro ang perang ibabayad nito sa kanya. Sa kalagayan nilang magkakapatid, kailangan niyang maging praktikal sa buhay.

Nasisiyahang sinipat niya ang bagong TV nila nang makapasok siya sa bahay. Nasa eskuwela pa ang mga kapatid niya at hapon pa ang uwi ng mga ito. *Kapag sinuswerte ka nga naman*, sa loob-loob niya. May TV na nga ang mga kapatid niya, may bago pa siyang trabaho. Higit sa lahat, may bago pa siyang boyfriend na guwapo at mayaman. Peke nga lang.

Napangiti si Kisses nang pilya. Alam niyang trabaho lang iyon, pero hindi siguro masamang kiligin siya.

She stared blankly at the ceiling, smiling. Then she told herself, "Brace yourself, Kisses. Your life's going to be a bit interesting from now on."

HINDI INAASAHAN ni Kisses ang ibinalita sa kanya ni Miss Lynne nang sumunod na araw. Iyon ang araw ng training niya dahil kinabukasan ay opisyal na magbubukas sa publiko ang restaurant.

"Bakit ho apat na oras lang?" takang tanong niya. "Hindi naman ho part-time ang in-apply-an ko."

Nagkibit-balikat ang manager. "Iyon kasi ang sabi ni Sir Miguel. Wala naman akong magagawa. Apo iyon ng may-ari."

Hindi makapaniwalang napahalukipkip siya. "Kung apat na oras lang ho akong magtatrabaho, ano pa ho'ng susuwelduhin ko, Miss Lynne?" magalang ngunit nagrerebelde ang kaloobang sabi niya; wala sa isip na mayroon siyang 'sideline' kung saan kikita siya nang mas malaki.

Nakisimpatya sa kanya ang mabait na babae. "Hindi ko nga rin alam kay Sir Miguel. Basta iyon ang sinabi niya kahapon matapos ka niyang interview-hin."

Napabuntong-hininga na lang siya. “Ganoon po ba?”

Nagsimula ang training ni Kisses. Pero nagulat siya nang malamang dalawa pala silang cashier na magte-train nang araw na iyon. Ang sabi sa kanya noon ni Miss Lynne ay isang cashier na lang ang kulang. Nang malaman niya na kahapon lang din in-interview ang kapwa niya cashier ay nagduda siya. Hindi kaya may kinalaman ang ‘sideline’ niya kay Miguel sa naging desisyon nito? She reminded herself to ask him about it.

Pilit niyang inalis sa isipan ang kanyang pseudo boyfriend at nag-concentrate sa training. Madali lang ang trabaho niya, lalo na sa tulad niyang may experience. Ang higit na ikinatuwa niya ay nang turuan sila ni Miss Lynne ng mga simple Japanese greetings and phrases na babanggitin nila sa mga customers. Binigyan pa sila ng kopya ng mga iyon. Kaagad niya namang nakasundo ang co-trainee na si Donalen. At dahil wala pa silang trabaho noong araw na iyon, nag-practice na lang sila ng Japanese phrases.

Nagkakabisa sila nang bigla siyang tawagin ni Miss Lynne. “Kisses, halika.”

Nakangiting lumapit naman siya rito. “Ano po

iyon?”

Tiningnan siya nito nang makahulugan. “Gusto kang kausapin ni Sir Miguel sa telepono.” Itinuro nito kung nasaan ang aparato. “Sige na, huwag mo nang paghintayin.”

Nahihiyang tinanguan niya ito at lumapit sa telepono. “Hello?”

“Oh, Kisses, I’m glad you’re there!”

Pinigil niya ang mapangiti pagkarinig sa boses nito bagaman ramdam niya ang pagsikdo ng kanyang dibdib.

“Siyempre naman nandito ako. Dito ako nagtatrabaho, hindi ba?”

“Fine. But for your… other job, I want you to come here now. Please get a pen and paper and I’ll give you the address.”

“Pero nagte-training kami ngayon…” asiwang sagot niya. Nagsisimula na siyang kabahan.

“I’ve already talked to Miss Lynne. Just get a pen and paper—”

“What? Alam ni Miss Lynne ’yung… ano natin?” hindi makapaniwalang saad niya.

"Just don't mind it, okay? Just tell her you're going to leave and don't explain anything. Now, will you please get a pen and paper?" tila iritado nang utos nito.

Nataranta si Kisses. Under normal circumstances, she would oppose his dominance, but since she had just accepted the 'fake girlfriend job' yesterday, she knew she had to show submissiveness.

Naghagilap siya ng papel. Ibinigay nito ang address na kailangan niyang puntahan.

"Just tell the driver the address. He'll surely know this place. And don't get a cab in the middle of the street, okay? You seem to be prone to street accidents." After saying that, he chuckled.

Tumulis ang nguso ng dalaga, pero hindi niya napigilang mapangiti. Bago nito ibaba ang telepono ay kinuha nito ang cellphone number niya.

Nang matapos siyang makipag-usap ay nagpaalam na siya kay Miss Lynne. Gaya ng sabi ng binata, hindi niya na kailangang magpaliwanag. Agad naman siyang pinayagan ng babae.

She was excited and nervous—clueless of things to happen that might change her life.

HINDI PA NAG-IINIT ang puwet ni Kisses sa pagkakaupo sa taxi nang tumunog ang cellphone niya. Numero lang iyon, walang pangalan.

“Hello?” aniya.

“Where are you now?”

Naramdaman niya ang pamilyar na pagsikdo ng dibdib nang marinig ang boses ng binata. “N-nasa cab.”

“Okay.” Tila nabunutan ito ng tinik. “Call me when you get here, will you?”

“Sige.”

“Good. See you.”

Kahit patay na ang telepono ay hindi pa rin tumigil sa pagtambol ang dibdib ni Kisses. Magkakahalong kaba, excitement, kilig at takot ang nararamdaman niya. Parang gusto niyang mag-backout na hindi. Ngayon talagang naniniwala na siya na totohanan na ang pagpapanggap niyang maging nobya ni Miguel. Kapag sumulpot siya roon ngayon, hindi na siya makakaatras.

Huminga siya nang malalim. Nakapagdesisyon na siya. Hindi na siya dapat mag-alala. Kapag sinuwerte siya, baka makapag-enrol siya sa susunod

na semestre.

Para mawala ang kaba, pinagtuunan niya na lang ng pansin ang papel na binigay sa kanila ni Miss Lynne kanina. Hindi niya namalayan na nakarating na pala sila sa paroroonan.

"Miss, 'andito na tayo," pukaw ng driver sa kanya.

Mabilis na iginala niya ang paningin sa paligid nang makaibis ng taxi. Noon lang siya nakarating sa lugar na iyon. Para iyong Chinatown ng mga Hapon. Puro Japanese characters ang nakikita niya.

Mabilis niyang tinawagan ang numero ni Miguel sa cellphone. Nakakailang ring na ngunit hindi pa rin nito iyon sumasagot. Nagulat siya nang may humawak sa balikat niya. Mabilis siyang napalingon. It was him.

"I thought you're gonna drop your cellphone," tila amused na anito. "Magugulatin ka ba talaga?"

She shrugged. "Minsan lang," sakay niya rito. Hindi naman talaga siya magugulatin, pero ewan niya ba; Kakaiba talaga ang lalaking ito.

Hindi nakaligtas sa kanyang paningin ang pagsipat ng binata sa suot niya. "I think you

need to change your clothes," nakangiting anito kapagkuwan.

Noon niya lang napagtuunan ng pansin ang hitsura nilang dalawa. Siya ay nakasuot ng white t-shirt na may flower print sa harap at low-waist bootcut na pantalon. Kolehiyang-kolehiyala ang histura niya. Ang binata naman ay naka-amerikanang itim, animo presidente ng isang kompanya. Pero suwabe lang ang pagiging pormal nito. Papasa itong ramp model o matinee idol.

"What's the verdict?" narinig niyang untag nito.

"Huh?" takang tanong ni Kisses.

"I thought you're studying my look. So what can you say?"

Awtomatikong tumaas ang kilay niya. "Hello? Bakit naman kita pag-aaralan, subject ka ba?"

Hindi nito sinakyan ang biro niya. Sinipat nito ang suot na *Rolex*. "C'mon, let's get going," baling nito sa kanya. Nagpatiuna itong maglakad at sumunod naman siya. May nilikuan silang eskinita. Habang naglalakad ay patingin-tingin siya sa paligid. Hindi lang pala puro Japanese establishments ang naroon. Mayroon ding mga sikat na stores na sa mga malls niya madalas makita.

Huminto sila sa harap ng boutique ng isang sikat na fashion designer. Matapos silang ipakilala sa isa't isa, pinaubaya na siya ng binata kay Franny Soriano.

"I'll just wait here," anito sa kanya.

Dinala siya ng bakla sa area kung saan naroon ang iba't ibang damit na mukhang pam-premiere night ng pelikula.

Sinipat siya nang maige ni Fran. "Actually, dalawa lang pinagpipilian ko—itim o pula. You have a fair, radiant skin. At tingin ko, bagay sa iyo ang kahit anong style ng damit," anito habang nakatingin sa hubog ng katawan niya.

Nanatili siyang nakatayo. Aminado siyang everything was really getting exciting.

Mayamaya ay pumili ng damit si Fran. Nagmasid lamang siya. Binigyan siya nito ng dalawang dress na naka-hanger. "Put these on. Unahin mo muna iyong red." Tinanggap niya iyon at tinungo ang fitting room na itinuro nito.

Manipis ang tela ng pulang damit at hanggang tuhod ang haba. Napangiti siya nang makita ang sarili sa salamin. Umikot siya at muling tinitigan ang sarili. Halos umabot na sa tainga ang ngiti niya.

She wondered how much that piece of fabric cost. It would surely cost her an arm and a leg, but because of this job, she could bring home this lovely dress for free.

Kinatok siya ni Fran. “Kisses, are you done with the red one?” Bilang tugon ay lumabas siya ng pinto. He was amazed to see her. “You gave my dress justice!” nasisiyahang sabi nito. “I think that’s just perfect, but I also want to see you in the black dress.”

Akmang tatalikod siya upang magpalit nang pigilan siya nito.

“Wait! I think we have to consult that handsome guy over there.”

He was absolutely talking about Miguel. Bigla siyang nakaramdam ng hiya. Parang hindi niya yata kayang humarap sa binata sa ganoong ayos.

Tila natunugan ni Fran ang iniisip niya. “Don’t tell me nasa-shy ka sa escort mo?” She shrugged and sighed simultaneously, and then smiled. “C’mon, darling. He’s paying for the dress, kailangan ka niyang makita!”

Hinila siya nito patungo sa kinaroroonan ng binata.

"Miguel, look at your date," Fran said.

She crossed her fingers behind her back, trying to remove the tension in her that suddenly arose.

Unti-unting nag-angat ng paningin ang binata mula sa binabasang diyaryo. Lumakas ang kabog ng dibdib niya nang magtama ang kanilang paningin.

MIGUEL WAS INSTANTLY mesmerized upon seeing Kisses in that red dress. Muntik niya nang mabitiwan ang binabasa. He knew she was pretty, but he did not think she could look as gorgeous as that!

Damn, his throat dried out! Napalunok siya.

"We'll show you another one, Miguel," magiliw na ani Fran. Before he knew it, nakaalis na ang mga ito sa harapan niya.

*Whew! That one was suffocating!* he thought. He unconsciously used the newspaper to fan himself, as he was feeling hot despite the AC inside the boutique.

Hindi nagtagal ay bumalik ang mga ito. This time, Kisses was wearing a black above-the-knee spaghetti-strapped dress.

Boy, he could feel a certain muscle in his body stiffen as she turned around. She looked confident, but he could sense her nervousness. Hindi siya kaagad nakapag-react. He was just staring at her.

"So which one would you like her to wear now? The red one or this one?" untag ni Fran na nagpabalik ng kamalayan niya. Napatuwid siya ng upo at inalis ang tingin sa dalaga.

"Uh, both." Sinipat ni Miguel ang suot na *Rolex* bago muling binalingan ang dalaga. It was a tactic so he could change his expression. "Just wear that one." Bumaling siya kay designer. "We'll get both. Thanks, Fran." Tipid na nginitian niya ito.

"Oh, anything for you, Miguel. You know I'm your slave," malanding sagot nito na ikinatawa niya.

Personal na inihanda ni Fran ang damit ng dalaga. He then handed him two paper bags, one of which apparently contained Kisses' clothes earlier.

"Don't forget to give my regards to Soshi Takeuchi, okay? Tell him I'm gonna visit him one of these days. I want to thank him personally for the cherry blossoms he sent me last time," anito.

"I will. By the way, he's going to open his restaurant tomorrow."

"So I heard. I'll probably be there. I'll just ask Ahlie regarding the details."

Tumango si Miguel. Matapos bumeso sa kanya ng fashion designer ay nagpaalam na siya rito. Bumeso rin ito kay Kisses na noon ay halata pa rin ang pagkailang. Marahil dahil sa suot nito. Inalalayan niya ito palabas.

At dahil naglakad lang sila papunta sa boutique ni Fran, kailangan nila uling maglakad pabalik. The street was shaded anyway so they need not worry about the harmful rays of the sun.

Habang naglalakad ay nakahawak siya sa siko ng dalaga. Bitbit niya ang dalawang paper bags. Wala silang kibuan. He wondered kung ano ang iniisip nito. Kung anuman iyon, it was probably none of his business. Ang alam niya lang, he found a gold mine.

For some reason, he was sure Kisses could really him help change his grandfather's whim about his personal life. This woman was full of surprises. He knew he just had to wait and see.

# 5

Ang akala ni Kisses ay sa isang Japanese restaurant sila magla-lunch ng binata at ng lolo nito. She was wrong. Sa isang sikat na restaurant na Filipino cuisine ang specialty siya dinala ng binata. Hindi iyon kalayuan sa boutique na pinanggalingan nila. Kahit paano ay nakahinga siya nang maluwag. Hindi siya sanay gumamit ng chopsticks at wala siyang gaanong alam sa mga Japanese food.

Ipinaghila siya ng upuan ng binata nang makarating sila sa mesa na itinuro ng waiter. Tuluyan nang nabura ang hindi kagandahang impresyon niya rito noong hindi pa niya ito kilala. Bigla tuloy siyang nakaramdam ng pagkaalangan. Not that she belittled herself; but with her humble situation in life, she never thought she could go on a date like this with an overpowering presence of a guy. Higit sa lahat, ang magpanggap na nobya ng lalaking ang tanging kapintasan yata ay ang kawalan niyon.

Ang totoo, kanina pa siya naiilang sa suot niya. Wari niya ay hindi sanay ang balat niya sa mamahaling tela. At lalong hindi siya sanay magsuot ng ganoong klaseng damit lalo na kung tirik na tirik

ang araw. Ang konsepto niya ng dress ay pang-party lang. Hindi naman sila magpa-party kundi kakain lang kasama ang lolo nito!

Isa pang kinaiilangan niya ay ang ginawang pag-alalay ni Miguel sa siko niya. Pakiramdam niya ay tinitilamsikan siya ng kuwitis sa banayad na pagkakadampi ng palad nito sa balat niya.

She seemed to awake from her reverie when Miguel started talking. “Kisses, I want you to act naturally in front of my grandfather. When it comes to my girlfriends, he appeared to be cold and civil. Just relax and smile, will you?”

*This is it. Trabaho na talaga*, she thought. “Puwede ba akong magtanong?”

“What is it?”

“Ilang taon ka na ba?”

Bahagyang nagulat ito. He gave her a what-made-you-ask-me-that-question look before answering. “Why don’t you guess?”

Saglit siyang nag-isip. “Uhm, twenty-three?”

Pinukol siya nito ng tinging hindi makapaniwala bago mahinang tumawa. *Gosh! Pati pagtawa niya, nakakakilig*, naisip niya. “Bakit ilang taon ka na ba?”

Curious na curious siya.

"You really want to know?" There was still a faint smile on his face.

"Kaya ko nga tinatanong, eh," medyo yamot na niyang tugon. Bakit naman parang gusto pa nitong gawing big deal ang edad nito?

"All right. I just turned thirty."

Nanlaki ang mga mata ni Kisses. She was about to say something, pero naudlot ang pagbuka ng bibig niya. Hindi siya makapaniwala. Treinta na ito? Hindi niya kailangan ng calculator para kalkulahin kung ilang taon ang pagitan nila: tumataginting na sampung taon lang naman.

"Why, do you think I'm old?" Wala na ang amusement sa mukha nito.

"Uh, no." Umiling siya. "Nagulat lang ako. Mukha ka kasing bata."

Tumawa ito nang marahan. "Why do you ask, by the way?" tanong nito kapagkuwan.

Nagseryoso siya. "Curious lang ako. Hindi ko kasi maintindihan kung bakit inirereto ka pa sa iba ng lolo mo considering na thirty years old ka na. I mean, aren't you too old to decide for yourself who

you want to be with?" Huli na nang mapagtanto niya ang terminong ginamit niya—too old. Hindi kaya ma-offend ito? Karaniwang ganoon ang ibang 'nakatatanda.'

Sumeryoso rin ito, although she thought she saw him smile. She realized right away that his eyes tend to smile on their own with every movement of his eyelids.

"You're right. On the contrary, I think I'm still too young to settle down. I mean, I don't have to hurry, right? But my grandfather disagrees. He'd been doing this—partnering me with any woman whose background is well-researched—for ten years. I've been successful in avoiding his plan, but he is remarkably persistent."

Napasimangot si Kisses. "Pero bakit siya ganoon? Solong tagapagmana ka ba?"

Tipid na ngumiti ito. This time she was not just imagining it. "Not exactly, but something like that. I'm the last one to pass on his precious name. That's why he's been bugging me to get married soon."

Napatango siya. May pilyang ideyang pumasok sa isip niya. Ano kaya kung magkaanak siya rito? Siguro ang ganda-ganda ng magiging anak nila.

"What's so funny?" usisa nito.

"Ha? W-wala. May naisip lang ako." Mabilis niyang kinastigo ang sarili. Bakit ba hindi niya mapigilan ang sariling mag-daydream kahit kaharap ito? Muli siyang nagseryoso. "Paano nga pala kita matutulungan sa lolo mo? Sabi mo, makulit siya. Ano'ng gagawin ko?"

Tumuwid ito ng pagkakaupo at ipinatong ang dalawang kamay na magkasalikop sa ibabaw ng mesa. He looked as if he was going to reveal the secret of the century.

"There are two ways that I can think of. First, you have to convince my grandfather in a subtle way that, like what you said, I'm too old to decide on my own when I want to settle down. I don't know how you can do that, but just try. Who knows, maybe you can charm my grandfather."

Pinamulahan siya sa sinabi nito. "What's the second one?"

"The second one is… this is still tentative. I'm thinking that maybe you can pretend to be my fiancée until such time that I find myself ready to get married with somebody else."

"What!" gulat na bulalas ni Kisses. Hindi niya

alam kung saan siya higit na nabigla—sa sinabi nito na magpapanggap siya bilang fiancée nito o sa bahaging magpapakasal umano ito sa iba.

His expression became defensive. "I know it sounds ridiculous that's why I need help." He looked more sincere. "I've never asked any help from a woman before. This is the first time, that's why I offered you this job. So can you promise to do your best to help me?"

Gusto niyang matawa sa hitsura nito. Para itong batang naglalambing. Siguro kung totoong kasintahan niya lang ito at hindi lang sila nagpapanggap, nahaplos niya na ito sa mukha.

She tried her best not to smile impishly. "All right, I'll do my best."

Tumango lang ito, hindi na naman nakuha ang birong kahalo ng sinabi niyang iyon.

"Siyangapala, siyempre marunong kang mag-Hapon. Puwede bang parinig naman?"

The formality on his face faded. It was replaced with amusement. *"Wakarimasu ka?"*

She grinned, then shook her head. "Hindi ko naintindihan. Ano iyon?"

He smirked. "I was asking if you'd be able to understand it. I'll teach you some phrases if you want next time."

Lumiwanag ang mukha niya. "Promise iyan, ha."

Tumawa ito. *"Hai."*

"Ano naman iyon?"

"'Oo' ang ibig sabihin n'un," a strange voice answered.

Napalingon siya sa pinanggalingan ng tinig. A man roughly in his seventies, no doubt with Japanese blood running through his veins, stood behind her.

*"Ojiisan,"* Miguel exclaimed. Tumayo ito at nagmano sa bagong dating. Napagtanto niya na ito ang makulit na lolo ng binata.

With confidence, she stood up and greeted him with a smile. *"Ohayou gozaimasu!"* 'Good morning' ang ibig sabihin niyon.

Tumingin ito sa suot na relo bago bumaling sa kanya. *"Konnichiwa,"* walang emosyong pagbati nito ng magandang hapon.

"Let's sit down, *Ojiisan*. We're starving," narinig

niyang aya ni Miguel. Walang kibong umupo ang matanda sa pagitan nila. Umupo na rin sila.

Bigla siyang nag-alala. Mali kaya ang pronunciation niya ng 'good morning?' Iyon ang una niyang nakabisang Japanese phrase mula sa ibinigay na cheat sheet sa kanila ni Miss Lynne.

Nakagat niya ang pang-ibabang labi sa kahihiyan. First meeting pa lang mukhang maba-bad shot na siya sa lolo ni Miguel. Kailangan niyang maging maingat.

"*Ojiisan*, I want you to meet Kisses Macaraig, my girlfriend."

When Miguel said that, she instantly heard angels singing. Nag-init ang kanyang mukha.

"Honey," baling sa kanya ng binata. He was smiling. "This is the illustrious Soshi Takeuchi."

Napatigagal siya. Hindi pa siya nakakabawi sa pagtawag sa kanya ni Miguel ng 'honey' nang lingunin siya ng lolo nito.

*"Kisu shimasu?"* kunot-noong sabi nito habang nakatingin sa kanya.

*"Hai,"* tugon ni Miguel.

She had no darn idea what they were talking about so she chose to remain silent. Noon naman dumating ang mga pagkain. Naisip niya na ganoon pala roon. Hindi pa sila umo-order, pero may dumarating nang pagkain.

Nakaramdam siya ng pagkalam ng sikmura nang manuot sa ilong niya ang amoy ng mga pagkain sa hapag. Tatatlo lang sila, pero parang pangsampung tao ang nakahain sa mesa. Mayroong kare-kare, sinigang, afritada, at iba pang pagkain na puwedeng ihanda sa fiesta. All dishes were served in clay pots. Ang kanin ay umuusok din at amoy na amoy niya ang pandan na pinangpabango rito.

Ngunit kung paano siya kakain ay siyang naging problema niya. Inatake si Kisses ng hiya. Paano nga ba siya kikilos sa harap ng mga ito? These were the kind of people who do not each much, chew their food slowly and talk more than eat.

Good thing Miguel rescued her. Before she knew it, he was already putting food on her huge plate. Awtomatikong napahawak siya sa kubyertos. Umuungol na ang dragon sa loob ng tiyan niya.

"K'ain lang nang k'ain, honey. Ayaw ni Lolo ng babaeng mahina kumain," nakangiting sabi nito sabay sulyap sa matanda na nagsasandok din ng

pagkain.

"Marunong ka palang mag-Tagalog," tukso niya rito. Sukat doon ay napatingin sa kanya ang lolo nito. The two men gazed at her. Napangiti siya sa kahihiyan. Mukha yatang may nasabi na naman siyang mali.

Mayamaya ay sumungaw ang tipid na ngiti sa labi ng matandang Takeuchi. "Mas magaling pa nga akong mag-Tagalog diyan."

She opened her mouth in amazement. Pinaglipat niya ang tingin sa maglolo. Kampanteng sumubo si Soshi habang ang apo naman nito ay tila dismayado ang hitsura.

"Yeah, right," anang huli.

Napabungisngis si Kisses.

Miguel gave her a questioning look while his grandfather looked formal as ever.

Bumuwelta siya. "Ang galing n'yo palang mag-Tagalog, Lolo. Pati accent n'yo, Tagalog na Tagalog. Siguro kung kayo ang una kong nakilala, baka sa inyo ako nagkagusto. Si Miguel kasi masyadong banyaga ang pananalita," dere-derechong sabi niya kay Soshi Takeuchi habang naka-plaster ang ngiti sa

labi.

It was impromptu. Basta na lang lumabas sa bibig niya. Huli na nang mapagtanto niyang mali ang nasabi niya nang makita niya ang reaksyon ni Miguel. He had this what-the-hell-are-you-talking-about expression on his face.

But to her surprise, the old man laughed. And this time it was for real. "Palabiro ka pala, hija." Binalingan nito ang apo. *"Kono onna no hito wa doko de aimashita ka?"* (Where did you meet this woman?)

Sumagot si Miguel; walang ekspresyon ang mukha nito. *"Dinaa paatii de aimashita."* (At a dinner party somewhere.)

Natigil siya sa pagsubo nang sa kanya muling bumaling ang matanda. "Ilang taon ka na, Mga Halik?"

"Po?" gulat na tanong niya. Bakit nasama ang halik? Ano na ba ang pinag-uusapan ng mga ito?

Muling tumawa ang matandang Hapon. "Nagbibiro lang ako. 'Mga halik' ang Tagalog ng pangalan mo, hindi ba?"

Napanganga muna si Kisses bago nakuha ang

biro. "Ah. Kayo pala itong palabiro, Lolo, eh. Magtu-twenty-one na po ako."

*"Kanojo wa wakasugimasu yo ne,"* the old man uttered then reverted to his formal look. (Does she understand Japanese?) "Siya, kumain na lang tayo. Ayoko nang nag-uusap habang kumakain."

Napatuwid siya ng upo at itinuon ang atensyon sa pagkain. Pinuno ni Miguel ng pagkain ang plato niya, ngunit palagay niya ay kaya niyang ubusin iyon. Hindi na nga sila muling nag-usap-usap pa.

MABIGAT ANG TIYAN na napahalukipkip si Kisses habang nakasakay sa kotse ni Miguel. Nag-alok itong ihatid siya at hindi niya na iyon tinanggihan. Ayaw niyang mag-taxi nang ganoon ang suot. Baka kung saan pa siya dalhin ng driver.

"Did you like the food?" narinig niyang tanong ng katabi. Nang lingunin niya ito, derecho ang tingin nito sa daan.

She rolled her eyes. Alam nitong naubos niya ang laman ng plato niya. "Yeah."

Ngumisi ito, hindi pa rin siya nililingon. "It was nice looking at you while you eat."

Tumaas ang kilay niya. “Bakit naman?”

“Well, you eat graciously and…voraciously,” tatawa-tawang sagot nito.

“Voraciously! Grabe ka naman! Pinuno mo kaya ’yung plato ko!” pigil ang panggagalaiting asik niya.

His laughter echoed inside the car. Saglit na nilingon siya nito at pinisil sa ilong bago muling ibinalik ang paningin sa kalsada. “Just kidding.”

Siya naman ay natameme sa ginawa ni Miguel. Pakiramdam niya, anumang oras ay aatakehin siya sa puso sa sobrang kabog ng dibdib niya.

“I really intended to fill your plate, but I never thought you could eat all those. You seemed to have pleased my grandfather with your appetite. He likes women who eat a lot.”

Hindi pa rin siya kumibo. Nakalabi lang siya, nakatingin dito.

“I knew it,” patuloy nito. “Do you know that this is the first time my grandfather laughed at my girlfriend’s humor?”

“Talaga?”

“Yeah. So congratulations and thank you in

advance. Convince that old Japanese-trying-to-be-Filipino folk to retire from his devilish plans against me," he said, smiling.

"Mukha namang mabait ang lolo mo kahit istrikto. Feeling ko, nadadaan iyon sa maayos na paliwanagan."

"Everybody adores my grandfather. He never does a thing that displeases people, except for me. And you already know what I'm talking about." Lumingon ito sa kanya at kumindat.

Tinamaan siya ng lintek, kilig na kilig si Kisses sa ginawi nitong iyon!